Zoo na gawa sa Puppet sa Daliri

Gusto mo bang magkaroon ng sarili mong zoo? Oras na para maging pinakamagaling na namamahala ng zoo!

Paano gumawa ng mga puppet sa daliri:

1. Kulayan ang mga hayop na nasa ibaba.
2. Sundan ang mga tuldok na linya para gupitin ang mga hayop at ang mga parihaba.
3. Ibalot ang isang parihaba sa paligid ng iyong daliri para magkasya ito na katulad ng isang singsing. Idikit ang mga ito ng tape.
4. I-tape ang isa sa mga hayop na ginupit mo sa isang papel na singsing. Mayroon ka nang puppet na daliri para sa iyong zoo!
5. Ulitin para sa mga natitirang hayop.



Ano ang Kakailanganin Mo:

pahina ng mga puppet sa daliri

mga krayola o may kulay na mga lapis

pambatang gunting

tape















Kanta ng Zoo na gawa para sa Puppet sa Daliri

Dahil nakagawa ka na ng iyong mga puppet sa daliri, ilagay ang mga ito sa iyong mga daliri at kantahin ang kantang ito. Huwag kalimutan ang mga aksyon para gumalaw ka!

Kanta:	Aksyon:
Ano ang sabi ng polar bear Polar bear Polar bear Sa araw na ito?	Ilabas ang iyong daliri na may **polar bear** na puppet.
Kumusta kaibigan kong (pangalan ng bata), kaya mo bang mag-slide sa snow tulad ko?	Idulas ang iyong mga paa sa sahig na parang nag-i-skating ka.
Ano ang sabi ng mabangis na wolf Mabangis na wolf Mabangis na wolf Sa araw na ito?	Ilabas ang iyong daliri na may **wolf** na puppet.
Kumusta kaibigan kong (pangalan ng bata), kaya mo bang umakyat at umungol tulad ko?	Maglakad-lakad at itaas at ibaba ang iyong mga kamay na parang umaakyat ka sa isang hagdan—huwag kalimutang umungol na parang wolf!
Ano ang sabi ng higanteng balyena Higanteng balyena Higanteng balyena Sa araw na ito?	Ilabas ang iyong daliri na may **balyenang** puppet.
Kumusta kaibigan kong (pangalan ng bata), kaya mo bang tumalon mula sa tubig tulad ko?	Tumalon ka na parang balyena na tumatalon mula sa tubig.
Ano ang sabi ng magandang penguin Magandang penguin Magandang penguin Sa araw na ito?	Ilabas ang iyong daliri na may **penguin** na puppet.
Kumusta kaibigan kong (pangalan ng bata), kaya mo bang maglakad tulad ko?	Maglakad na parang penguin; ilagay ang iyong mga kamay sa iyong tagiliran at humakbang habang diretso ang mga binti mo.
Ano ang sabi ng whisker walrus Whisker walrus Whisker walrus Sa araw na ito?	Ilabas ang iyong daliri na may **walrus** na puppet.
Kumusta kaibigan kong (pangalan ng bata), kaya mo bang lumangoy tulad ko?	Ibuka ang iyong mga kamay at pagdikitin ang iyong mga palad, pagkatapos ay igalaw ang iyong mga kamay nang pasulong at paatras na parang lumalangoy ka.
Iyan ang ginawa ng Zoo na Gawa sa Daliri Zoo na Gawa sa Daliri Zoo na Gawa sa Daliri	
Iyan ang ginawa ng Zoo na Gawa sa Daliri sa araw na ito. Yehey!	